

Paglala ng Putik sa Gitna ng Pandemya



Soda fired platter

Sa paglala sa gulong ng putik,
Wari'y mundong tumigil sa pag-inog.
Pagal sa muling pag-ikot,
Animo'y walang paggalaw,
Sadyang mabigat ang sikad
Upang paikutin muli ang
Panghulmang gulong ng putik.
Kung makabuo man ng likhang luad
Sa loob na halaw na nilalang sisidlan,
Mandi'y ni walang tubig na maisusulod.
Bagamat pilit na tinutuyo ng ihip at sakit,
Dinadarang naman itong tinding init ng araw.
Pasasasan pa ang mga tuyong luad ay
Muling mabubuhay sa Binyag ng Apoy at Tubig.

Si Prop. Romanlito S. Austria ay fakulti sa Kolehiyo ng Sining Biswal at siyang MFA Graduate Program Coordinator ng Kolehiyo. Isa siyang alagad ng sining.

THE SOURCE

BY Romanlito S. Austria



RSA wheel throwing

Nang unang ibinaba ang “lockdown” noong Marso, pangamba at pagkabahalang dulot ng pandemyang COVID-19 ang sumaklob sa bawat puso at isip ng mga tao.

Bukod sa usaping pangkalusugan, nariyan ang mga pang-araw-araw na mga tanong na tila’y walang kasagutan kung paano harapin ng bayan ang buhay at kaligtasan. Dagdagan pa ito ng walang sapat na pagtugong medikal at bagkus paghihigpit at mga walang saysay at pagwawaldas ng pondo na disin sana ay itinuon sa kalusugan, kaligtasan at kapakanan ng mamamayan.

Napakasakit ang mabalitaan na ang ilan sa iyong mga kakilala at kaibigan ay binawian ng buhay dahil sa COVID-19. Maraming “frontliners” ay isinugal ang buhay upang makapagligtas ng buhay ng ibang tao. Nakadagdag ito ng labis na lungkot at sakit nang malaman na ang ilan sa mga ito’y iyong kaibigan, kaanak at kakilala.

Ang mapiit sa loob ng pag-iisip at pangamba ay higit pa sa pagkakatulong sa loob ng bahay upang makaiwas sa sakit na nakakahawa. Para itong isang gulong ng putik o “pottery kickwheel” na mayroong nakabara at kahit anong sikad at sipa ay ayaw umikot. Kailangan matanggal ang kalsong nakaharang. Kahit pagal at dahan-dahan, muling iikot, iinog ang mapanglikhang kamay, puso at isip. At makakapaglala muli ng luad mula sa putik.

Bilang guro ng Pagluluad (Ceramic Arts and Design) sa Kolehiyo ng Sining Biswal, una kong iminungkahi na huwag muna buksan ang klaseng Studio Pottery

(SFA 142) nitong unang semestre ng AY 2020-2021. Ang Studio Pottery ay isang kursong art workshop na nangangailangan ng studio equipment at facilities tulad ng kickwheels, kilns at sangkap tulad ng putik. At sa loob ng studio walang kasiguraduhang maisasakatuparan ang “physical distancing.” Dahil dito, ang klaseng ito ay itinunuring na high-risk pagdating sa maaring pagkakahawa-hawa sa sakit ng mga mag-aaral, kawani at guro.

Masuwerte pa rin ako, dahil mayron akong sariling “kickwheel” at ilang kilong putik o “stoneware clay” na naitabi sa bahay bago mag-lockdown. Sa akin, ang paglalala ng luad ay hindi lang isang libangan, habang sinisipa at isinisikad ang gulong nito, kasabay din ang pag-inog ng aking isip at damdamin sa katinuan at kahusayan. Nakakawalang pangamba lalo na’t kung makikita ang iba’t ibang hugis ng sariling nalikha.

Sa unang mga araw ng lockdown, dahan-dahan, mabagal ang aking pagsikad sa gulong. Halos araw-araw akong humahawak ng putik, lumilikha ng putik. Sa katunayan, nakatatlong crates na ako na may sukat na 52cm x 32 cm x 14 cm na puno ng bowls, coffee mugs at coffee drippers, hindi pa kabilang ang mga large bowls, jars atbp. dahil wala na akong crates. Tumigil na lang muna ako sa paglikha dahil sa pagbubuo ng “course packs” ng aking ibang kursong itinuturo at sa pagbubukas ng remote learning classes ng semestrong ito. Panibagong challenges at tunggalian din pala ang pagtuturo sa remote learning situations. Noong una, umaga pa lang ay pagod at parang upos na ako. Ngunit kinalaulan, dahan-dahan, parang “kickwheel” na may kalsong bara. Mapapaikot at makakasanayan din pala.



*Top to bottom: Soda fired tea set;
Austria with “Kalabaw”*



Top to bottom: RSA wheel throwing;
"Kalabaw" by Austria



Nawala man noong mga bandang una ang mga physical na tanghalan, bulwagan at "exhibition halls" para sa mga alagad ng sining, nakatuklas din ng makabagong espasyo para sa sining, tulad ng Zoom, YouTube, Instagram, Facebook at iba pang plataporma. Sa pamamagitan ng social media (huwag lang gagamitin sa pagpapakalat ng kasinungalingan), hindi ako magkandatuto sa mga gustong bumili ng aking mga likhang luad lalo na ngayong magpapasko. Tinanggihan ko muna dahil wala akong kiln upang "ma-highfire" ang mga luad. Ito ang huling proseso na lalagyan ng mga glaze ang mga luad at isasalang sa maiinit na pugon na kailangang umabot sa humigit-kumulang na 1300°C. Ito ang pagbibinyag ng apoy.

Kamakailan, malugod kong natanggap ang email mula sa UPD Office for the Advancement of Teaching (OAT) na nakabilang ako sa mga nagkamit ng parangal na UP Centennial Professorial Award sa taong 2020. Ang aking likhang luad na "Sidlangan Kalabaw," isang "animorphic" jar na halaw sa hugis kalabaw at nilagyan ng abo mula sa "dumi" ng kalabaw ay kinilala ng Unibersidad bilang "creative work" para sa UP Centennial Professorial Chair. Maraming salamat, UP. Napakahalagang pagkilala ito para sa akin lalo na sa gitna ng pandemya.

Kahit sa gitna ng pandemya, ang larangan ng paglikha, ang sining, ay hindi maisasawalang bahala. Maaring tumigil ang mundo, ngunit ang sining ang magtatanggal ng kalso nito, kahit pagal, dahan-dahan iikot, iinog ang lahat dahil ang sining ang kaluluwa.